Ang pilak kapalit ng ginto ay patubo, malibang kaliwaan. Ang trigo kapalit ng trigo ay patubo, malibang kaliwaan. Ang sebada kapalit ng sebada ay patubo, malibang kaliwaan. Ang datiles kapalit ng datiles ay patubo, malibang kaliwaan."}

Ayon kay Mālik bin Aws bin Al-Ḥadathān, siya ay nagsabi: {Dumating ako na nagsasabi: "Sino ang makikipagpalitan ng mga dirham?" Kaya nagsabi si Ṭalḥah bin `Ubaydillāh habang siya ay nasa piling ni `Umar bin Al-Khaṭṭāb (malugod si Allāh sa kanilang dalawa): "Ipakita mo sa amin ang ginto mo, pagkatapos pumunta ka sa amin. Kapag dumating ang tagapaglingkod namin, ibibigay namin sa iyo ang pilak mo." Kaya nagsabi si `Umar bin Al-Khaṭṭāb: "Aba'y hindi! Sumpa man kay, talagang ibibigay nga ninyo sa kanya ang pilak niya o talagang isasauli nga ninyo sa kanya ang ginto niya sapagkat tunay na ang Sugo ni Allāh (basbasan siya ni Allāh at pangalagaan) ay nagsabi: Ang pilak kapalit ng ginto ay patubo, malibang kaliwaan. Ang trigo kapalit ng trigo ay patubo, malibang kaliwaan. Ang sebada kapalit ng sebada ay patubo, malibang kaliwaan. Ang datiles kapalit ng datiles ay patubo, malibang kaliwaan."}

[Tumpak] [Nagkasang-ayon sa katumpakan nito]

Nagpapabatid ang Tagasunod na si Mālik bin Aws na siya noon ay may mga dinar na ginto. Nagnanais siya na ipagpalit ang mga ito sa mga dirham na pilak. Kaya nagsabi sa kanya si Ṭalḥah bin `Ubaydillāh (malugod si Allāh dito): "Mag-abot ka sa amin ng mga dinar mo upang makita ko ang mga ito." Pagkatapos nagsabi ito sa kanya matapos na nagpasya ito sa pagbili: "Pumunta ka sa amin kapag dumating ang tagapaglingkod namin mamaya upang magbigay kami sa iyo ng mga dirham ng pilak." Si `Umar bin Al-Khaṭṭāb (malugod si Allāh sa kanya) ay nakadalo sa pagtitipon kaya nagmasama siya ng uring ito ng transaksiyon at sumumpa siya na si Ṭalḥah ay magbabayad ng pilak ngayon o magsasauli ito kay Mālik ng ginto niya na kinuha nito sa kanya. Nilinaw ni `Umar ang kadahilanan niyon na ang Sugo ni Allāh (basbasan siya ni Allāh at pangalagaan) ay bumanggit na ang pagtitinda ng pilak kapalit ng ginto o ang kabaliktaran ay kinakailangan na kunin ang kapalit kaagad-agad at kung hindi ang bilihang iyon ay magiging isang patubong ipinagbabawal at isang pagtitindang walang-saysay. Kaya naman hindi ipagbibili ang ginto kapalit ng pilak ni ang pilak kapalit ng ginto malibang sa paraang kamay sa kamay at isasagawa ang abutan. Hindi ipagbibili ang trigo kapalit ng trigo, ang harina kapalit ng harina, ang sebada kapalit ng sebada, at ang datiles kapalit ng datiles, malibang isang tulad sa isang tulad, isang timbang sa isang timbang, isang takal sa isang takal, isang kamay sa isang kamay. Walang ipagbibiling isang bagay mula sa mga ito na agad-agad kapalit ng isang matagal-tagal. Hindi pinapayagan ang paghiwa-hiwalay bago ng pag-abot.